SFUSD SAN FRANCISCO PUBLIC SCHOOLS

Filipino Biliteracy Bicultural Pathway

Landas ng Karunungan sa Pagbasa at Pagsusulat
sa Dalawang Wika at Kultura ng Pilipino

Ang *San Francisco Unified School District* ay nangaanyaya sa mga pamilya ng mga batang papasok sa Kindergarten na magpatala sa *Filipino Biliteracy Bicultural Pathway* na handog ng *Bessie Carmichael School* at *Longfellow Elementary School.*

Ang programang ito ay nagbibigay ng kapanapanabik na pagkakataon para sa mga mag-aaral na:

- **magkaroon ng isang mataas na antas sa wika at karunungang bumasa't sumulat sa wikang Ingles at Filipino**
- **matamo ang pagpapahalaga sa kultura ng Pilipino at ng Filipino-American, kasaysayan, at maramihang kultura na sumasagisag sa Pilipinas**

Ang pagsasakatuparan ng pinahusay na programang ito ay magsisimula sa kindergarten sa taong 2011-2012 na mayroong 60-90 minutong pagtuturo tungkol sa wika at kulturang Pilipino. Sa bawat kasunod na taon, isang antas ng grado ang idadagdag sa programa, hanggang magkaroon ng kumpletong pagpapatupad sa mga gradong K-5, at sa panahong iyon ay magpapatuloy na hanggang sa pangitnang paaralan. Ang mga mag-aaral na nagsimula sa programa sa kindergarten sa taong 2011-2012 o sumunod pa ay magkakaroon ng pagkakataon na magpatuloy sa programa hanggang sa ika-8 grado.

Pagpapalista para sa *Filipino Biliteracy Bicultural Pathway*

Upang magpalista para sa mga programang *Filipino Bilingual Bicultural Pathway*, dapat ninyong kumpletuhin ang porma ng pagpapalista mula sa *Educational Placement Center*, na nagsasaad ng programang FIL sa alinman o parehong paaralan bilang isang pagpipilian.

Kung kayo ay interesado sa programang ito at mayroon nang natanggap na ibang programa paglalagyan, maaari kayong mag-sumite ng ***Amended Choices Request Form***, na nagsasaad ng programang FIL bilang isang pagpipilian. Inirerekumenda namin na magparehistro kayo sa ibinigay na kasalukuyang iprograma, upang panatilihin ang kinalalagyan kung wala nang lugar sa programang *Filipino Pathway*. Ang pagrerehistro sa kasalukuyan programa ay hindi hadlang sa kakayahan na mailagay sa programang *Filipino Pathway*, kung mayroong lugar.